JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 3:

## Pagbigay ng Susunod na Mangyayari sa Kuwento



Name of Learner:_______________________________

Grade & Section: _______________________________

Name of School: _______________________________

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagbigay Ng Susunod Na Mangyayari Sa Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nenita J. Bendaño

**Editor/Tagasuri:** Glydell P. Calago/ Reila Angela C. Josol

**Tagalapat:** Dave D. Cubero

**Tagapamahala:** Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan - Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero - Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien - Chief, Education Supervisor SGOD
Riela Angela C. Josol - Education Program Supervisor- Filipino
Bernie P. Laranjo – Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag - Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo - Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

## *Alamin*

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang makapagbibigay ng susunod na mangyayari sa kwento batay sa tunay na pangyayari pabula, tula, at tugma.

Naibibigay ang susunod na mangyayari sa kuwento batay sa tunay na pangyayari, pabula, tula, at tugma. **F2PN-Ie-9**

## *Balikan*

Panuto: Ibigay ang sariling hinuha sa bawat sitwasyon. Piliin ito sa loob ng kahon at isulat ang titik sa patlang.

a. Nasira ang kanyang ngipin

b. Nadulas siya

c. Nabasa sila sa ulan

_____1. May butas na ang bubong sa bahay nina Aling Nena. Hindi niya ito naipagawa sa kanyang asawa. Isang gabi, bumuhos ang malakas na ulan.

_____2. Masayang nakikipaglaro si Carlo ng basketbol sa kanyang mga kaibigan. Hindi niya napansin ang balat ng saging sa lugar na kanyang pinaglalaruan.

_____3. Sobra ang pagkain ni Miko ng kendi at matatamis. Ayaw niyang kumain ng kanin at mga lutong ulam sa bahay.

| Aralin 3 | Pagbibigay Ng Susunod Na Mangyayari Sa Kuwento |
|---|---|

## *Tuklasin*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangyayari sa bawat bilang. Piliin sa kahon ang maaaring mangyari sa bawat pangungusap.

| |
|---|
| a. Magkakaroon ng baha. |
| b. Mabibili ni Lita ang payong |
| c.Hindi nakakapasa sa pagsusulit |
| d. Natapakan ni lola Sela ang balat ng saging at siya ay nadulas. |
| e. Nagkakaroon siya ng lagnat |

Halimbawa:

1. “Dito ko na lamang itatapon ang balat ng saging.” Sabi ni Ben. Hindi pa ako napapagod. Kinahapunan, namamasyal si lola Sela sa paligid ng bakuran. “Naku po” Ang sigaw ni lola Sela.

Ano kaya ang susunod na mangyayari?

**Sagot:** d. Natapakan ni lola Sela ang balat ng saging at siya ay nadulas.

Okay! Handa ka na ba?

2. Nagpatuloy ang mga tao sa paninira ng mga punongkahoy sa paligid. Dumating ang tag-ulan.

Ano ang susunod na mangyayari?

**Sagot:**_______________________________________________________________

3. May mahabang pagsusulit si Emma sa Filipino.Hindi siya nakapag-aral noong nakaraang gabi dahil nanonood lamang siya ng telebisyon.

Ano ang susunod na mangyayari?

**Sagot:**_______________________________________________________________

4. Gustong-gusto ni Lita ang payong na nasa tindahan. Araw-araw ay tinitingnan niya ito.Araw-araw ay nagtabi rin siya ng pera mula sa kanyang baon.

Ano ang susunod na mangyayari?

**Sagot:**_______________________________________________________________

5. Maghapong naglaro sa arawan si Ben. Pawisang-pawisan siya nang

umuwi sa bahay. naramdaman niyang masakit ang kanyang ulo.

Ano kaya ang susunod na mangyayari?

**Sagot:**_______________________________________________________________

## ***Suriin***

Sa ating pang-araw na buhay ay makaririnig tayo ng iba't ibang kwento. Maaring ito ay batay sa tunay na pangyayari sa ating buhay, pabula, tula at tugma.

Sa pakikinig at pagbasa ng teksto, mahalagang unawain ang mga datalye ng isang pangyayari upang makapagbigay ng wasto at angkop na susunod na pangyayari.

Ang ginawa ninyong pagsagot ay may kinalaman sa paghihinuha kung ano ang mangyayari sa kwento.

Paghihinuha at paghuhula ito ay ang prediksyon sa mangyayari gamit ang mga impormasyon at mga pangyayari. Magagawa lamang ng maayos ang paghuhula kung tunay na nauunawaan ng mambabasa ang kanyang binabasang artikulo o seleksyon.

Halina't subukin natin ang inyong kakayahan sa paghuhula ng susunod na mangyayari.




Ang Mangingisda

Sa mga bayang malapit sa dagat, ang pangunahing hanapbuhay ay ang panghuhuli ng isda. Dahil sa gusto ng ibang mga mangingisda na makahuli ng maraming isda, sila ay gumagamit ng dinamita. Isa na rito si Mang Juan. Marami siyang nahuhuling isda. Kahit na ang maliit na isda ay kasamang nahuhuli.

Isang gabi, bigla na lamang nakarinig ang taong-bayan ng malakas na pagsabog sa dagat. May sumabog palang isang bangka dahil sa dinamita.

Ano kaya ang nangyari kay Mang Juan?

## *Pagyamanin Natin:*

**Pinatnubayang pagsasanay 1**

Panuto: Makinig sa babasahing sitwasyon. Ibigay ang susunod na mangyayari sa bawat sitwasyon. Isulat ang sagot sa papel.

1. Maraming nakabarang basura sa kanal at estero. Pati ang ilog ay hindi na rin dumadaloy sa dami ng basura. May darating na bagyo. Marami raw itong dalang ulan ayon sa ulat ng panahon.

Sagot:________________________________________.

2. Kagigising pa lamang ay nakikipaglaro na si Marie sa mga bata sa kalsada. Ilang ulit na siyang tinawag ng kanyang nanay ngunit hindi siya sumunod. Patuloy pa rin siyang nakikipaglaro. Nilapitan siya ng nanay. Ano ang susunod na mangyayari?

Sagot:_____________________________

3. Maraming bunga ang tanim na gulay at prutas ni Aling Seling sa likod ng bahay. Isang araw nangangailangan si Aling Seling ng pera upang ipangbili ng bigas. Ano ang susunod na mangyayari?
Sagot:_________________________________________

## *Isaisip*

Laging Tandaan

| |
|---|
| Unawain ang mga detalye ng isang pangyayari upang makapagbigay ng wasto at angkop na susunod na pangyayari. |

## *Tayahin*

Panuto: Basahin ang teksto at ibigay ang susunod na mangyayari. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Masinop si Gina sa buhay. Matipid siya sa pera. Hindi niya ginagastos ang kanyang pera sa mga hindi kailangang bagay. Minsan nagkasakit ang kanyang nanay. Malaki ang kailangang pera para sa operasyon

a. hindi naoperahan ang nanay

b. pababayan ang nanay

c. sasagutin ni Gina ang bayad sa operasyon

d. kinuha ang kanyang pera

2. Isang umaga maganda ang sikat ng araw. Maraming nilalabhan si nanay.

a. natuyo ang kanyang mga nilabhang damit

b. nabasa dahil malakas ang ulan

c. nasunog ang mga damit dahil sa sobrang init

d. nahulog dahil sa malakas na hangin

3. Paika-ikang naglalakad si Jimboy. Papunta siya kay Dr. Cruz

a. magpagamot sa kanyang paika-ikang

b. makitsismis sa nangyari sa mga pasyente

c. mag-aaral tungkol sa pagiging doctor

d. hihingi ng gamot

4. Masayang naliligo ang mga bata sa ilog. Hindi nila namalaya ang paglaki ng tubig. Mayamaya ay nagsigawan ang mga tao

a. nagsigawan ang mga tao dahil may nalunod

b. nagsigawan ang mga tao dahil may nag-away

c. nagsigawan ang mga tao dahil may naglaro

d. nagsigawan ang mga tao dahil may nahuling isda

5. Masayang naglalakad sina Aya at Ara sa tapat ng bahay ni Mang Andoy. Bukas ang tarangkahan ng kanilang bakod. May malaking aso. Ilang saglit lang ay kumaripas sila ng takbo.

a. hinabol sila ng aso

b. naglalaro sila

c. nag-aaway sila

d. kinagat ng aso

## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Basahin ang teksto at ibigay ang susunod na mangyayari at isulat sa patlang.



Nagdala ng asarol si Ruben at nagtungo sa likod ng bahay. Nagbungkal siya sa lupa at itinanim ang dala niyang buto. Diniligan niya ito bago siya umuwi ng bahay.

Pagkaraan ng isang linggo, ____________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**
1.D
2. A
3.C
4.B
5.C

**Pagyamanin Natin**
Depende sa sagot

**Tayahin**
1.c
2.a
3.a
4.a
5.a

**Karagdagang Gawain**
Maaring iba-iba ang sagot.

## *Sanggunian*


Villafuerte, P., Ona, L., 2003. Pagdiriwang ng Wikang Filipino 2. Binagong Edisyon 2010 Diwa Scholastic Press Inc., pp.62

Liwanag, L., 1999. Landas sa Wika at Pagbasa 2. Karapatang Pag-aari 1999 ng Dane Publishing House Inc. pp. 64-68

Kagawaran ng Edukasyon. Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang. Inililimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store Inc. pp.155